Mensahe Lima

# Ipinamumuhay ang Buhay ng Isang Bagong Tao sa halip na Ating Kultura sa pamamagitan ng Pagkatuto kay Kristo gaya ng ang Realidad ay na kay Hesus

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 4:20-21, 10; Mat. 11:28-30; 14:19; Juan 5:19, 30; 7:18; 10:30

**I. Ang pamantayan ng pamumuhay natin ay hindi dapat maging ayon sa ating kultura kundi ayon sa realidad na na kay Hesus, ang realidad na ipinamuhay ng Panginoong Hesus nang Siya ay nasa lupa—Efe. 4:20-21:**

A. Ang paraan kung paano namuhay ang Panginoong Hesus sa lupa ay ang paraan kung paano dapat mamuhay ang bagong tao ngayon—Mat. 11:28-30; Juan 6:57; 4:34; 5:17, 19, 30; 6:38; 17:4.

B. Ang *ang realidad ay na kay Hesus* (Efe. 4:21) ay tumutukoy sa aktuwal na kalagayan ng buhay ni Hesus gaya nang nakatala sa apat na Ebanghelyo; namuhay si Hesus ng isang buhay kung saan ginawa Niya ang lahat ng bagay sa loob ng Diyos, kasama ng Diyos, at para sa Diyos; ang Diyos ay nasa Kanyang pamumuhay, at Siya ay kaisa ng Diyos.

C. Namuhay si Hesus sa paraan na palaging tumutugma sa katuwiran at kabanalan ng Diyos; sa buhay ni Hesus ang katuwiran at kabanalan ng realidad ay palaging naitatanghal—b. 24:

1. Ang pantaong pamumuhay ni Hesus ay ayon sa realidad, yaon ay, ayon sa Diyos Mismo, puspos ng katuwiran at kabanalan.
2. Sa katuwiran at kabanalan ng realidad na ito—ang Diyos na naluwalhati at nahayag—nilikha ang bagong tao.

D. Kailangan nating matutuhan si Kristo at maturuan sa Kanya upang makapamuhay ng isang buhay ng realidad; ang matutuhan si Kristo ay ang maihulma sa tularan ni Kristo, yaon ay, ang maiwangis sa larawan ni Kristo—bb. 20-21; Roma 8:28-29; 2 Juan 1; Juan 4:23-24.

E. Bilang isang sama-samang tao, dapat mamuhay ng isang buhay ng realidad ang bagong tao, gaya ng ang realidad ay na kay Hesus—isang buhay na naghahayag sa Diyos.

F. Kung tayo ay namumuhay ayon sa espiritu ng ating kaisipan, tayo ay magkakaroon ng pang-araw-araw na pamumuhay ng sama-samang bagong tao—isang pamumuhay na tumutugma sa realidad na na kay Hesus—Efe. 4:23.

**II. Ang pamumuhay ng isang bagong tao ay dapat parehong-pareho ng pamumuhay ni Hesus; para sa isang bagong tao bilang sama-samang Diyos-tao, kailangan nating ipamuhay ang buhay ng isang Diyos-tao—Fil. 1:19-21a; 3:10; Efe. 4:20-21; cf. 1 Juan 4:17 at talababa 5:**

A. Ang pantaong pamumuhay ni Kristo ay ang pamumuhay ng tao sa Diyos upang ihayag ang mga katangian ng Diyos sa mga pantaong kagalingan; ang Kanyang mga pantaong kagalingan ay napunuan, nahaluan, at natigmakan ng mga dibinong katangian—Luc. 1:26-35; 7:11-17; 10:25-37; 19:1-10:

1. Nang ang Panginoong Hesus ay nasa lupa, bagama't Siya ay isang tao, Siya ay namuhay sa pamamagitan ng Diyos—Juan 6:57; 5:19, 30; 6:38; 8:28; 7:16-17.
2. Ipinamuhay ng Panginoong Hesus ang Diyos at inihayag ang Diyos sa lahat ng bagay; anumang ginawa Niya ay ang paggawa ng Diyos mula sa loob Niya at sa pamamagitan Niya—14:10.
3. Inihahayag ng Ebanghelyo ni Marcos na ang buhay na ipinamuhay ng Panginoong Hesus ay lubusang ayon sa at para sa Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos.

B. Bilang pagpapalawak, karagdagan, pagpaparami, at pagpapatuloy ng unang Diyos-tao, dapat tayong mamuhay ng kaparehong uri ng buhay na Kanyang ipinamuhay—1 Juan 2:6.

1. Ang Diyos-taong pamumuhay ng Panginoon ay nagtakda ng isang modelo para sa ating Diyos-taong pamumuhay—nakapako sa krus upang mabuhay nang sa gayon ay maihayag ang Diyos sa pagkatao—Gal. 2:20.

2. Kailangan nating itatwa ang ating sarili, maiwangis sa kamatayan ni Kristo, at dakilain Siya sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Kanyang Espiritu—Mat. 16:24; Fil. 3:10; 1:19-21a.
3. Kailangan nating tanggihan ang paglilinang sa sarili at kondenahin ang pagtatayo ng natural na tao; kailangan nating matanto na ang mga pang-Kristiyanong kagalingan ay may kaugnayan sa pang-esensiya sa dibinong buhay, sa dibinong kalikasan, at sa Diyos Mismo—Gal. 5:22-23.
4. Ang Isa na namuhay ng buhay ng isang Diyos-tao ay Espiritu na ngayon na nabubuhay sa loob natin at sa pamamagitan natin; hindi natin dapat hayaan ang anumang bagay maliban sa Isang ito na punuan tayo at okupahan tayo—2 Cor. 3:17; 13:5; Efe. 3:16-19.
5. Kailangan nating buksan ang ating buong katauhan sa Panginoon upang matanggap (sa isang espiritu at atmospera ng panalangin) ang Kanyang pag-aatas sa atin sa Lucas 6:36: "Mapuno kayo ng [kahabagan], gaya ng inyong Amang puspos ng [kahabagan]"; kailangan nating kaugnayin ang Panginoon bilang mahabaging Isa bawat umaga—Panag. 3:22-23; Roma 9:15 at talababa 2; Exo. 34:6; Awit 103:8; Luc. 1:78-79; 10:25-37; Roma 12:1.

**III. Sa pagsasagawa ng himala ng pagpapakain ng limang libong tao sa pamamagitan ng limang tinapay at dalawang isda, sinanay ng Panginoon ang Kanyang mga disipulo na matuto sa Kanya—Mat. 14:14-21; 11:28-30:**

A. Sinasabi sa Mateo 14:19 na kinuha Niya ang limang tinapay at dalawang isda, at nang pagpapalain na Niya ang mga ito, Siya ay tumingala sa langit:
1. Ang *pagtingala sa langit* ay nagpapahiwatig na Siya ay tumitingin sa Kanyang pinagmumulan, ang Kanyang Ama sa langit:
   a. Nagpapahiwatig ito na natanto Niya na hindi Siya ang pinagmumulan ng pagpapala; ang Ama bilang nagsusugong Isa, hindi ang isinugong Isa, ang dapat pinagmumulan ng pagpapala—cf. Roma 11:36.
   b. Gaano man karami ang magagawa natin o gaano man karami ang alam nating gawin, dapat nating matanto na kailangan natin sa ating ginagawa ang pagpapala ng Nagsugo nang sa gayon ay maging mga daluyan tayo ng tustos sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Kanya, hindi sa ating sarili—cf. Mat. 14:19b; Bil. 6:22-27.
2. Ang Kanyang pagtingala sa Ama sa langit ay nagpapakita na bilang Anak sa lupa na isinugo ng Ama sa langit, Siya ay kaisa ng Ama, nagtitiwala sa Ama—Juan 10:30:
   a. Kung ano man ang alam natin at kung ano man ang kaya nating gawin ay walang halaga; ang pagiging kaisa ng Panginoon at pagtitiwala sa Kanya ang lahat-lahat sa ating ministeryo—cf. 1 Cor. 2:3-4.
   b. Ang pagpapala ay dumarating lamang sa pamamagitan ng pakikipag-isa natin sa Panginoon at pagtitiwala sa Kanya—cf. 2 Cor. 1:8-9.
3. Hindi gumawa ng anumang bagay ang Panginoon mula sa Kanyang sarili—Juan 5:19; cf. Mat. 16:24:
   a. Dapat nating itatwa ang ating sarili at hindi magkaroon ng intensiyong gumawa ng anuman mula sa ating sarili kundi magkaroon ng intensiyon na gawin ang lahat ng bagay mula sa Kanya.
   b. Kailangan nating patuloy na ensayuhin ang ating espiritu na itatwa ang sarili at mamuhay sa pamamagitan ng isa pang buhay sa pamamagitan ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo—Fil. 1:19-21a.
4. Hindi hinangad ng Panginoon ang Kanyang sariling kalooban kundi ang kalooban ng Ama na nagsugo sa Kanya—Juan 5:30b; 6:38; Mat. 26:39, 42:
   a. Iwinaksi Niya ang Kanyang ideya, Kanyang intensiyon, at Kanyang layunin.
   b. Tayong lahat ay dapat maging alerto para sa isang bagay na ito—kapag tayo ay isinugo upang gumawa ng ilang gawain, hindi natin dapat kunin ang pagkakataong

iyon upang hangarin ang ating sariling gol; dapat lamang tayong humayo na hinahangad ang ideya, layunin, mithiin, gol, at intensiyon ng ating nagsusugong Panginoon—cf. 1 Tim. 5:2b.

5. Hindi hinangad ng Panginoon ang Kanyang sariling kaluwalhatian kundi ang kaluwalhatian ng Ama na nagsugo sa Kanya—Juan 7:18; 5:41; cf. 12:43:
    a. Ang maging maambisyon ay ang hangarin ang iyong sariling kaluwalhatian—cf. 3 Juan 9.
    b. Kailangan nating makita na ang ating sarili, ating layunin, at ating ambisyon ay tatlong malalaking naninirang "uod" sa ating gawain; dapat nating matutuhang kamuhian ang mga ito.

B. Kung nais nating magamit palagi ng Panginoon sa Kanyang pagbabawi, ang ating sarili ay dapat maitatwa, ang ating layunin ay dapat matalikdan, at ang ating ambisyon ay dapat maisuko para sa kapakanan ng isang bagong tao—Mat. 16:24.

*© 2020 Living Stream Ministry*